

2

# Mathematics

## Quarter 1–Module 4:

### Reading and Writing Numbers Up to 1000 in Symbols and in Words



**Mathematics – Grade 2**

**Alternative Delivery Mode**

**Quarter 1– Module 4: Reading and Writing Numbers Up to 1000 in Symbols and  
in Words**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

**Manunulat/Tagalapat:** Rowena B. Calonzo

**Editor:** Perlita G. Pagdanganan, Marie Ann C. Ligsay

**Tagasuri:** Agnes R. Bernardo, Nestor P. Nuesca

**Tagaguhit:** Rafael E. Martinez, Romarico C. Sarondo

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas,  
Nestor P. Nuesca, Gregorio C. Quinto, Jr., Rainelda M. Blanco,  
Agnes R. Bernardo

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# Mathematics

Quarter 1– Module 4:

Reading and Writing Numbers Up  
to 1 000 in Symbols and in Words

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat para sa iyong kapakinabangan. Ito ay upang matulungan kang unawain ang mga araling tinatalakay sa Mathematics Baitang 2.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. makababasa ng mga bilang hanggang 1 000 sa simbolo at sa salita (**M2NS-Ic-9.2**)
2. makasusulat ng mga bilang hanggang 1 000 sa simbolo at sa salita



## *Subukin*

Isulat sa iyong sagutang papel ang katumbas na simbolo ng bawat salita na bilang.

1. Labinlima = \_\_\_\_\_
2. Isang daan at dalawampu't lima = \_\_\_\_\_
3. Dalawang daan at animnapu = \_\_\_\_\_
4. Tatlong daan at apatnapu't anim = \_\_\_\_\_
5. Walong daan at pitumpu't siyam = \_\_\_\_\_

Aralin

1

# Reading and Writing Numbers Up to 1 000 in Symbols and in Words



## *Balikan*

Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Isang libo

A. 10

B. 100

C. 1 000

2. Pitong daan at labintatlo

A. 713

B. 731

C. 730

3. Tatlong daan at labing-isa

A. 301

B. 310

C. 311

4. Walong daan at dalawampu't lima

A. 820

B. 825

C. 852

5. Limandaan at apatnapu

A. 501

B. 504

C. 540



## *Tuklasin*



Ang magkapatid na sina Erica at Ben ay nag-iipon ng pera mula sa kanilang baon araw-araw. Ngayong nalalapit na ang kaarawan ng kanilang ina, naisipan nilang buksan ang kanilang mga alkansya upang makabili ng regalo. Si Erica ay nakaipon ng limandaan at labinlimang piso, samantalang si Ben naman ay nakaipon ng apat na raan at tatlumpu't pitong piso. Masayang-masaya ang magkapatid dahil makabibili na sila ng regalo para sa kanilang ina mula sa halagang kanilang naipon.



## *Suriin*

Anu-ano ang mga bilang na nabanggit sa kwento?

Isa-isahin natin at ating pag-aralan ang mga nabanggit na bilang.

Limandaan at labinlimang piso

Apat na raan at tatlumpu't pitong piso

Salita	Simbolo
Limandaan at labing limang piso	Php 515
Apat na raan at tatlumpu't pitong piso	Php 437

Upang maisulat ang mga bilang sa salita, isulat mula sa kaliwa ang baybay ng bawat numero kung paano ito binabasa. Lagyan ng “at” sa pagitan ng daanan at sampuan o isahan.

Halimbawa:

345 = Tatlong daan at apatnapu't lima

107 = Isang daan at pito


Upang maisulat naman ang bilang mula sa salita, basahin muna ang salita at isulat ito ayon sa place value ng bilang.

Halimbawa:

Animnapu't walo =  $60 + 8 = 68$

Dalawang daan at limampu't pito =  $200 + 50 + 7 = 257$






## Pagyamanin

### Pinatnubayang Pagsasanay 1

Halina at magbilang tayo!

Basahin at isulat sa sagutang papel ang katumbas na bilang ng mga sumusunod.


1.



Sagot: \_\_\_\_\_

isang daan at dalawampu't lima


2.



Sagot: \_\_\_\_\_

dalawang daan at pito


3.



Sagot: \_\_\_\_\_

dalawang daan at labindalawa


4.



Sagot: \_\_\_\_\_

tatlong daan at tatlumpu't isa

5.



Sagot: \_\_\_\_\_

Limang daan at labindalawa

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

**A.** Isulat sa iyong sagutang papel ang katumbas na bilang ng bawat salita.

1. Apatnapu't siyam = \_\_\_\_\_

2. Apat na raan at animnapu't pito = \_\_\_\_\_

3. Siyam na raan at limampu't walo = \_\_\_\_\_

**B.** Isulat sa patlang ang katumbas na salita ng bawat bilang.

4. 283 = \_\_\_\_\_

5. 827 = \_\_\_\_\_

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Basahin at piliin mula sa kahon ang katumbas na bilang ng bawat salita. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

543	503	592	512	520
-----	-----	-----	-----	-----

\_\_\_ 1. Limang daan at tatlo

\_\_\_ 2. Limang daan at labindalawa

\_\_\_ 3. Limang daan at dalawampu

\_\_\_ 4. Limang daan at apatnapu't tatlo

\_\_\_ 5. Limang daan at siyamnapu't dalawa

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

### Hanay A

- \_\_\_1. Dalawang daan at labing-isa
- \_\_\_2. Dalawang daan at tatlumpu
- \_\_\_3. Dalawang daan at apatnapu't anim
- \_\_\_4. Dalawang daan at pitumpu't tatlo
- \_\_\_5. Dalawang daan at walumpu't pito

### Hanay B

- A. 287
- B. 211
- C. 273
- D. 230
- E. 246

## Malayang Pagsasanay 1

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Ang Pamilya Santos ay maagang gumising upang magsimba. Nakaugalian na ng Pamilya Santos ang sabay sabay na pagsisimba. Pagkatapos magsimba, sila ay nanindahan ng kanilang kakainin at ilang mga gamit.



Nakapamilya si nanay ng gulay at isda. Samantalang si ate, mga prutas at tinapay naman ang kaniyang binili.

Bumili rin si tatay ng ilang gamit para sa talyer. Laruan naman ang binili ni Toto.

Narito ang listahan ng kanilang napamili.

Napamili	halaga
isda	Php 340
gulay	Php 235
tinapay	Php 115
prutas	Php 240
Gamit sa talyer	Php 512
laruan	Php 150

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Sino ang bida sa kuwento?  
Ang bida sa kuwento ay ang \_\_\_\_\_.
2. Saan sila pupunta noong araw na iyon?  
Sila ay pupunta sa \_\_\_\_\_ upang \_\_\_\_\_.
3. Anu-ano ang kanilang pinamili?  
Namili sila ng \_\_\_\_\_.

## Malayang Pagtatasa 1

Mula sa binasang kuwento, isulat sa sagutang papel ang katumbas na salita ng bilang.

	Napamili	halaga	Katumbas na salita
1.	isda	Php 340	
2.	gulay	Php 235	
3.	tinapay	Php 115	
4.	prutas	Php 240	
5.	Gamit sa talyer	Php 512	
6.	laruan	Php 150	

## Malayang Pagsasanay 2

Piliin ang tamang sagot. Isulat sa sasgutang papel ang iyong napiling sagot.

- Walong daan at animnapu't siyam  
869                      896                      899
- Dalawang daan at isa  
201                      210                      211
- Tatlong daan at animnapu  
306                      360                      366
- Apat na raan at walumpu't walo  
408                      480                      488
- Anim na raan at tatlumpu't anim  
336                      346                      663

## Malayang Pagtatasa 2

Isulat sa sagutang papel ang katumbas na salita ng mga sumusunod na bilang.

1. 203 = \_\_\_\_\_

2. 312 = \_\_\_\_\_

3. 420 = \_\_\_\_\_

4. 521 = \_\_\_\_\_

5. 639 = \_\_\_\_\_



### *Isaisip*

Gamit ang mga salita sa loob ng kahon, kumpletuhin ang pangungusap upang masagot ang mga katanungan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

sampuan

kaliwa

at

binabasa

basahin

place value

1. Paano isinusulat ang bilang sa salita?

Ang bilang ay isinusulat sa salita sa pamamagitan ng pagsulat mula sa \_\_\_\_\_ ng baybay ng bawat bilang kung paano ito \_\_\_\_\_. Lagyan ng \_\_\_\_\_ sa pagitan ng daanan at \_\_\_\_\_ o isahan.

2. Paano isinusulat ang bilang mula sa salita?

Upang maisulat naman ang bilang mula sa salita, \_\_\_\_\_ muna ang salita at isulat ito ayon sa \_\_\_\_\_ ng bilang.



## *Isagawa*

Isulat sa iyong sagutang papel ang katumbas na bilang ng bawat salita o katumbas na salita ng bawat bilang.

	Katumbas na salita	bilang
1		126
2		308
3	Apat na raa't walo	
4		412
5	Walong daan at limampu't isa	



## *Tayahin*

Basahing mabuti ang mga sitwasyon sa ibaba. Isulat sa iyong papel ang katumbas na salita ng bawat bilang o katumbas na bilang ng bawat salita na mababanggit sa pangungusap.

1. Nagtuturo si Ma'am Weng ng Matematika sa tatlumpu't limang bata sa kanilang barangay.
2. Dumalo ang 150 na tao sa isang pagtitipon na ginanap noong Sabado.
3. Nabasa na ni Flor ang isang daan at dalawampu't walong pahina ng paborito niyang aklat.

4. Kumita ng Php 890 si Biboy sa paghahakot ng lupang pangtambak sa ipinatatayong bahay ni Aling Carmen.
5. Magiliw na sumayaw si Cyriez sa harapan ng dalawang daan at tatlumpu't limang manonood sa kanilang paaralan.



## *Karagdagang Gawain*

Basahin ang sitwasyon. Isulat sa papel ang iyong sagot.

1. Si Marie Santos ay binayaran ng kaniyang kliyente na si Ginoong Mark Villamoran ng tseke na may halagang Php 950 noong Hunyo 15, 2020. Paano isusulat sa tseke ang mga datos?

<small>ACCOUNT No.</small>	<small>ACCOUNT NAME</small>	<small>CHECK No.</small>	<small>BRSTN</small>
<small>DOCUMENTARY STAMPS PAID</small>	PAY TO THE ORDER OF _____		DATE _____
	PESOS _____		₱ _____
<b>BDO</b>		<small>I/We allow the electronic clearing of this check and hereby waive the presentation for payment of this original to BDO Unibank, Inc.</small>	
		_____	


illustration from <https://www.bdo.com.ph/checking-account-advisory>





# Susi sa Pagwawasto

<p><b>Pinatubayang Pagsasany 2</b></p> <p>1. 503 2. 512 3. 543 4. 520 5. 592</p>	<p><b>Pinatubayang Pagtasa 1</b></p> <p>1. 49 2. 467 3. 958 4. dalawang daan at walumpu't tatio 5. walong daan at dalawampu't pito</p>	<p><b>Pinatubayang Pagsasany 1</b></p> <p>1. 125 2. 207 3. 212 4. 331 5. 512</p>	<p><b>Balikan</b></p> <p>1. C 2. A 3. C 4. B 5. C</p>	<p><b>Subkin</b></p> <p>1. 15 2. 125 3. 260 4. 346 5. 879</p>	<p><b>Malayang Pagtasa 1</b></p> <p>1. tating daan at apatnapung piso 2. dalawang daan at tatlumpu't limang piso 3. isang daan at labing-limang piso 4. dalawang daan at apatnapung piso 5. limang daan at labindalawang piso 6. isang daan at limampung piso</p>	<p><b>Malayang Pagsasany 1</b></p> <p>1. Pamilya Santos 2. simbahan, magsimba 3. isda, gulay, prutas, tinapay, gamit sa talyer, laruan</p>	<p><b>Pinatubayang Pagtasa 2</b></p> <p>1. B 2. D 3. E 4. C 5. A</p>	<p><b>Isaisip</b></p> <p>kalilwa bindasa at sampung basahin place value</p>	<p><b>Malayang Pagtasa 2</b></p> <p>1. dalawang daan at tatio 2. tating daan at labingdalawa 3. apat na daan at dalawampung 4. limang daan at dalawampung 5. anim na daan at tatlumpu't siyam</p>	<p><b>Malayang Pagsasany</b></p> <p>1. 869 2. 201 3. 360 4. 488 5. 336</p>	<p><b>Tayahin</b></p> <p>1. 35 2. isang daan at limampung 3. 128 4. walong daan at siyampung piso 5. 235</p>	<p><b>Isagawa</b></p> <p>1. isang daan at dalawampung anim 2. tating daan at walo 3. 408 4. apat na daan at labindalawa 5. 851</p>
--	--	--	---	---	---	--	--	---	---	--	--	--



## *Sanggunian*

Calderwood, Bethany. October 12, 2018. *"How to Read & Write Numbers Up to Six Digits: Lesson for Kids"*. Study.com. <https://study.com/academy/lesson/how-to-read-write-numbers-up-to-six-digits-lesson-for-kids.html>.

Catud, Herminio Jose, Shierley Ferera, Danilo Padilla, and Rogelio Candido. 2013. "K To 12 Grade 2 Learning Material in Mathematics". Accessed April 4, 2020. *Slideshare.Net*.<https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2-learning-material-in-mathematics>.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)